ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 5
Marso 7, 2024
www.philippinerevolution.nu




EDITORYAL

# Labanan ang pabaya at korap na rehimeng US-Marcos sa gitna ng El Niño

Nanalasa ngayon sa malaking bahagi ng bansa ang tagtuyot na epekto ng penomenong pangklima na El Niño. Nagsimula ito noon pang kalagitnaan ng nagdaang taon, at inaasahang tatagal hanggang Mayo o Hunyo ngayong taon. Inaasahang aabot sa 65 prubinsya ang daranas ng tagtuyot at magdudulot ng malawak na pinsala sa kabuhayan ng masa sa kanayunan.

Sa katapusan pa lamang ng Pebrero, naiulat na umabot na sa ₱941.7 milyon ang halaga ng nasirang mga pananim dulot ng pagkapinsala sa halos 15,000 ektaryang lupang pang-agrikultura. Sa mga pag-aaral, tinatayang aabot sa mahigit 250,000 ektaryang lupang pang-agrikultura ang mapipinsala. Daan-daan libong magsasaka ang nanganganib na mabaon nang mas malalim sa utang sa mga komersyante-usurero, masadlak sa lalong matinding kahirapan at gutom.

Pinakamatindi ang salantang hatid ng tagtuyot sa masang magsasakang walang sariling lupa, walang sapat na pondong puhunan, nakaasa sa ulan at malayo sa irigasyon. Daan-daan libo ring manggagawang bukid ang mawawalan ng hanapbuhay o pagkakakitaan. Bunga ng tagtuyot, sumisiklab ang mga sunog sa mga bundok, na nagsasapanganib sa buhay at kabuhayan laluna ng masang minorya.

Palala nang palala ang tagtuyot na epekto ng El Niño dahil sa pagkawasak ng kalikasan, laluna ng pagkakalbo ng kagubatan sanhi ng mahabang panahon ng pagtotroso, pagmimina at pagtatayo ng mga dam at iba pang imprastruktura na sumira sa mga *watershed* at pinagkukunan ng tubig. Pangunahing maysala sa mga ito ang malalaking kumpanyang dayuhan at burgesyang kumprador. Sa kabila ng matindi nang pinsalang idinulot ng mga ito, patuloy na pinapaburan ng rehimeng Marcos ang agresibong pagpasok ng mapangwasak na kumpanyang ito sa kanayunan.

Mahigit isang taon nang inaasahan ang pagsalanta ng El Niño sa Pilipinas ngayong taon, subalit walang binuong kongkretong plano ang rehimeng Marcos upang alalayan ang mga magsasakang masasalanta ang kabuhayan. Kahit matagal nang batid ang magiging epekto ng tagtuyot, hindi maagang nagbigay ang mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno ng siyentipikong payo, ayudang pampinansya o alternatibong mga tanim, at hinayaan ang masang magsasaka na masalanta at magkandalugi sa nanuyong mga pananim.

Malala pa, ginagamit ngayon ni

Marcos ang El Niño upang maglaan ng malaking pondo para kumita ng kikbak sa mga proyektong pang-imprastruktura tulad ng mga "solar-powered" na irigasyon na, kung tutuusi'y, huling huli nang itatayo at wala nang saysay sa kasagsagan ng tagtuyot at pagkasaid na ng tubig sa maraming lugar. Huling-huli na rin, pawang pakitang-gilas sa midya at walang makabuluhang epekto sa produksyon at buhay ng masang magsasaka ang mga planong *cloud seeding*, pamamahagi ng mga traktora, at maliit na pondo para sa seguro o *insurance* sa mga nasirang pananim.

Sa kabila ng inaasahan nang pagbagsak ng produksyon dulot ng tagtuyot, laluna ng palay, walang ginagawa ang rehimeng US-Marcos para tiyakin ang suplay ng pagkain, kundi ang buksan pang lalo ang pinto ng bansa para sa pag-aangkat ng bigas, pati na ng sibuyas, bawang, at iba pang mga produktong pang-agrikultura. Sumirit lalo ang presyo ng bigas nitong Pebrero at inaasahang patuloy pang tataas.

Upang harapin ang matinding epekto ng tagtuyot sanhi ng El Niño, kailangang magpunyagi ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa na pagbuklurin at maramihang pakilusin ang masang magsasaka upang ipagtanggol ang kanilang kapakanan, kabuhayan at mga karapatang pang-ekonomya at panlipunan. Dapat paramihin at palakasin ang mga samahang magsasaka upang bigkisin ang kanilang lakas na ipaglaban ang kagyat na mga hakbanging magbibigay-alwan sa panahon ng El Niño.

Dapat malawakang pakilusin ang masang magsasaka upang igiit ang kinakailangang mga hakbangin para sa kagyat na kaluwagan sa kanila, kabilang ang pamamahagi ng kinakailangang pondong pang-ayuda o suportang pangkagipitan, pagpapaliban o kanselasyon sa pagbabayad utang, hindi pagbabayad ng upa sa lupa, at pagsasakatuparan ng mga kagyat na solusyon upang lutasin ang problema sa tubig. Dapat sama-sama silang kumilos upang labanan ang mga minahan at iba pang plantasyong sumisira sa kalikasan.

Dapat din silang buklurin upang buhayin ang diwa ng pagtutulungan ng masang magsasaka laluna sa harap ng sakunang hatid ng tagtuyot. Sa pamamagitan ng kanilang mga organisasyon, maaaring pagplanuhan ang malawakang pagpapakilos upang pagtulung-tulungan ang pagsasaayos ng sistema ng irigasyon sa kani-kanilang lugar, at paghahatian (sa halip na pag-aagawan) sa mapadadaloy na tubig sa kanilang mga bukid.

Dapat kolektibong singilin ng masang magsasaka ang rehimeng US-Marcos sa labis nitong pagpapabaya, korapsyon at mga pabigat na hakbanging nagpapalala sa kanilang kalagayan. Lahat ito'y nagpapaalab sa galit ng masang magsasaka at nagtutulak sa kanila sa landas ng protesta at paglaban.

Sa gitna ng tagtuyot, ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan ay inatasan ng Partido na aktibong kumilos upang tulungan ang masang magsasaka na makaagapay sa kinakaharap na salanta. Dagdag sa pag-alalay sa pagbubuo ng kanilang mga samahan, tuwirang tumutulong ang mga yunit ng BHB sa produksyon, paghukay ng mga balon, paggawa ng irigasyon, at iba pang mga hakbangin pabor sa kagalingan ng masang magsasaka.

Lalong nagngangalit ang masang magsasaka na sa gitna ng masidhing tagtuyot, puo-puong libong mga pasistang tropa ng AFP ang walang tigil na naglulunsad ng malawak na mga operasyong panunupil at armadong mga opensiba upang gupuin ang paglaban ng mamamayan. Sa gitna ng kanilang paghihirap, daan-daang milyong piso ang nilulustay ng AFP sa kabi-kabila at sunud-sunod na pagpapalipad ng mga *jet fighter* at helikopter para maghulog ng bomba at magpasabog ng kanyon sa mga bukid at bundok.

Todo opensiba ngayon ang inilulunsad ng mga batalyon ng AFP sa buong bansa, alinsunod sa utos ng rehimeng US-Marcos na gapiin ang lahat ng larangang gerilya hanggang katapusan ng Marso. Wala itong hatid sa masang magsasaka kundi lalong pagdurusa.

Ang pagpapabaya, korapsyon at mga pahirap na patakaran, at pasistang terorismo ng rehimeng US-Marcos ay pawang nagsisilbing diklap sa tuyung-tuyong dayami ng galit ng bayan sa malawak na kanayunan. Umiiral ang sitwasyon para sumiklab ang malawakang protesta ng masang naghihikahos sa kanayunan, at lalong paglakas ng armadong paglaban ng BHB. AB


ANG Bayan

Tomo LV Blg. 5 | Marso 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Labanan ang pabaya at korap na rehimeng US-Marcos sa gitna ng El Niño 1

Pagsusulong ng rebolusyon sa Bohol 3

Balik-EDSA para labanan ang *chacha* 4

Mga protesta sa Buwan ng Kababaihan, 4

Laban ng kababaihang manggagawa sa Bataan 5

Mga protesta 5

Masaker sa Bohol at pambobomba ng AFP 6

Sa madaling salita 7

Conwep, tagapagtanggol ng mga kapitalista 8

Pagpupursigeng mag-unyon sa Cebu 9


Pinsala ng *offshore* at *black sand mining* 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Mataba ang lupa sa pagsusulong ng rebolusyon sa Bohol




Nagkakamali ang rehimeng US-Marcos sa pag-aakalang matutuldukan nito ang armadong rebolusyonaryong paglaban ng masang Bol-anon nang walang pakundangan nitong minasaker ang nadakip na limang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga kadre ng Partido sa Barangay Campagao, Bilar, Bohol noong Pebrero 23. Hindi maitatanggi, malaking kawalan sa masang magsasaka sa Bohol at sambayanang Pilipino ang pagkamartir ng lima na walang pag-iimbot na naglingkod sa kanilang interes. Gayunman, ang kanilang buhay at sakripisyo ay nagsisilbing insipirasyon sa patuloy na pagpupunyagi ng rebolusyonaryong pakikibaka sa prubinsya.

Mula nang ipinunla ang mga binhi ng rebolusyonaryong kilusan sa Bohol noong dekada 1980, hindi ito ni minsan tuluyang nagapi ng reaksyunaryong estado. Sa kabila ng paulit-ulit na deklarasyong "insurgency-free" na ang prubinsya, hindi kailanman naapula ang apoy rebolusyon sa Bohol. Dahil nananatili ang pang-aapi at pagsasamantala, hindi nagapi ang rebolusyonaryong paglaban sa isla.

**Kalagayan ng masang Bol-anon**

Naghihirap ang mayorya ng 1.39 milyong mamamayan ng isla, laluna ang masang magsasaka. Pangunahing produkto dito ang palay at mais, gayundin ang niyog, saging, kamoteng kahoy, saba at *oil palm*.

Sa kabuuang 482,100 ektaryang lupa sa prubinsya, 273,950 ang pang-agrikultura, at 101,271 ay nakakategoryang kagubatan. Tinagurian itong "food granary" ng Central Visayas dahil sa malaking produksyon ng pagkain. Sa datos noong 2018, 26% o 70,117 ektarya ng lupang pang-agrikultura ay palayan. Sa mga ito, 56% lamang ang may sapat na irigasyon.

Pinangangambahan ngayon ng mga magsasaka ang pinsalang idudulot ng El Niño sa mga palayan. Isa sa mga magsasakang ito si Tatay Boying, na labis na nag-aalala sa kanyang taniman dahil sa tumama na "dry spell" (mababa sa normal na antas ng ulan) sa Bohol.

"Mahirap ang patubig dahil nakasalalay lang kami sa ulan...sa ibang lugar may irigasyon, pero iilan lang ang nakikinabang, palakasan pa," pahayag niya.

Lubhang taliwas ito sa ipinagyayabang ng lokal na gubyerno ng Bohol noong Nobyembre 2023 na naglaan ng ₱7.1 milyon para ipantulong sa mga magsasaka at maapektuhan ng tagtuyot. Liban sa kakarampot, napakarami pang rekisito ang hininhingi para makabenepisyo.

Mas matinding pagkalugi ang idudulot ng El Nino sa mga magsasaka ng Bohol. Reklamo ni Tatay Boying, sa regular na taniman ay hindi na nga siya kumikita, lalupa siyang mamumulubi dahil kulang ang patubig.

Hindi bababa sa ₱11,000 ang kabuuang gastos niya sa kada siklo ng pagtatanim. Nakaani siya dito ng 456 kilos o 12 sako ng palay, at ikakaltas dito ang 2 sako bilang kabayaran sa panginoong maylupa. Kung ibebenta, kikita lamang siya ng ₱9,120 sa presyong ₱24 kada kilo ng palay. Dahil luging-lugi, at napakamahal ng presyo ng bigas sa merkado, hindi na lamang ibinebenta ni Tatay Boying ang ani.

Higit na mas malaking sakuna sa masang Bol-anon ang tumitindi at malawakang pangangamkam ng lupa ng pribadong mga korporasyon at mga panginoong maylupa kasabwat ang lokal na gubyerno. Kabilang dito ang pangangamkam ng Bohol Cattle Corporation (BCC), pag-aari ng kroni ng mga Marcos, sa 622 ektaryang lupang ipinaglaban ng Trinidad-Talibon Integrated Farmers Association (TTIFA). Binabalewala ng BCC ang mga dokumentong hawak ng mga magsasaka sa kampanyang pangangamkam nito sa lupa na bahagi ng kabuuang 1,973 lupang inaangkin nito.

Pahirap din sa mga magsasaka ang umiiral na plantasyon ng *oil palm* ng Philippine Agricultural Land and Mills Development Inc (PALM Inc), pag-aari ng kumpanyang AGUMIL Philippines, na sosyohan ng mga mamumuhunang Pilipino at Malaysian. Noong 2012, hindi bababa sa 2,500 na magsasakang nagtatanim ng *oil palm* ang nabangkarote dahil sa iskema ng PALM Inc na napakataas na interes sa pautang at napakababa ng bili sa mga prutas nito. Binibili lamang nito noon sa mga magsasaka ang bunga nang ₱2/kilo. Sa kasalukuyan, hindi mapakinabangan ng mga magsasaka ang lupang noo'y tinaniman ng *oil palm* dahil sa kemikal na ginamit dito. Sinaklaw ng PALM Inc ang nasa 6,000 ektaryang lupa para sa plantasyon.

Lunod din sa kahirapan ang mga mangingisda sa prubinsya na

*Sundan sa pahina 4*

# Balik-EDSA para labanan ang *chacha*

Ginunita sa iba't ibang panig ng bansa at sa ibayong dagat ang ika-38 anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA sa pamamagitan ng mga protesta kontra sa *charter change* o *chacha* ng rehimeng Marcos noong Pebrero 25.

Nasa 5,000 katao na nagtipuntipon sa harap ng EDSA Shrine sa Metro Manila sa ilalim ng No to Chacha Network. Ayon sa mga grupo, isa sa mga tagumpay ng Pag-aalsang EDSA ang Konstitusyong 1987, na nagbawal sa mga dinastiyang pulitikal, nagtakda ng mga limitasyon sa termino ng mga upisyal at iba pang mga pagtitiyak na mayroong "check and balance" sa estado. Ito umano ang nais baguhin ng rehimeng Marcos, kasabay ng pagpapahintulot sa 100% pag-aari ng dayuhan sa lupa, mga susing imprastruktura at pasilidad sa Pilipinas.

Naniniwala din ang alyansa na dapat asikasuhin muna ng Senado at Kongreso ang mga hinaing ng bayan sa dagdag-sahod, pagpapababa ng mga presyo, mas maayos na serbisyong panlipunan at marami pang iba, imbes na atupagin ang chacha. Sa pinag-isang pahayag ng alyansa, tinawag nitong "di kinakailangan, mapanghati, magastos, at nakatuon pangunahin sa pagpapanatili sa pwesto ng mga nasa poder."

Sa araw na iyon, naglunsad din ng protesta ang mga alyansang kontra *chacha* sa mga syudad ng Naga, Legazpi, Cebu, Bacolod, Iloilo, at Davao. Samantala, nagkaroon din ng sama-samang pagkilos at pag-aaral sa Isabela, La Union, at Sorsogon. Sa ibayong dagat, nagsagawa ng aktibidad ang mga Pilipino sa Los Angeles, New York, at Boston sa US; sa Melbourne, Sydney, Perth, at Canberra sa Australia; sa Hongkong; at sa Canada.

Bago at pagkatapos ng paggunit, kabi-kabilang mga protesta, pagtitipon at pag-aaral ang isinagawa ng mga grupong nakapaloob sa alyansa.

Liban sa No to Chacha Network, nabuo rin ang malalawak na alyansa kontra *chacha* sa hanay ng kabataan at kababaihan, gayundin ang mga alyansang antas syudad at prubinsya.

Sa kabila ng malawakang pagtutol, tuluy-tuloy ang pagmamaniobra ng mga tauhan ng rehimeng Marcos para isulong ang *chacha*. Sunud-sunod ang pagdinig sa House of Representatives noong Pebrero 27 ang Resolution of Both Houses 7 (RBH7), ang katapat na panukala sa inihapag sa Senado na RBH6.

Alinsunod sa magkatambal na resolusyon, tatlong probisyon lamang diumano ang babaguhin oras na mabuo ang Mababa at Mataas na Kapulungan tungo sa isang *constituent assembly* na may hiwalay na botohan. Ang mga pagbabago ay para bigyan ng karapatan ang mga dayuhan na buong magmay-ari ng mga pampublikong utilidad (Artikulo XII, Seksyon 11); sektor ng edukasyon (Artikulo IX, Seksyon 4); at sa *advertising* o pagpapatalastas (Artikulo XVI, Seksyon 11). AB

*Mula sa pahina 3*

33% ng kabuuang populasyon. Nalulugi sila dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng krudo, mga kagamitan at iba pang gastusin. Nangangamba din silang mawawalan ng kabuhayan dulot ng planong 650-ektaryang reklamasyon sa isla ng Panglao, at reklamasyon sa Tagbilaran City.

Malayo sa sikmura ng masang Bol-anon ang ipinagmamalaki ng lokal na gubyerno na 7.1% paglago sa *gross domestic product* ng prubinsya noong 2023 na nagmula pangunahin sa turismo. Sa kabila ng salaping ipinapasok ng aabot sa isang milyong turista taun-taon, nananatiling salat at gutom ang masang anakpawis sa Bohol.

Samantala, kung hindi sa gutom pinapatay ang masang Bol-anon, pinapaslang at pinahihirapan sila ng militar at pulis. Sa nagdaang mga taon, walang tigil ang panunupil sa masang Bol-anon na lumalaban para sa kanilang karapatan sa lupa. Kasalukuyang mayroong 10 bilanggong pulitikal ang nakapiit sa Bohol kabilang ang 75-anyos na si Adolfo Salas Sr, kasaping tagapagtatag ng pamprubinsyang balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na Hugpong sa mga Maguumang Bol-anon (HUMABOL-KMP). Pangunahing ahente ng terorismo ng estado sa prubinsya ang 47th IB at ang tinaguriang Task Group Bohol ng Armed Forces of the Philppines at Philippine National Police. AB

## Buwan ng Kababaihan, sinalubong ng mga protesta

MAGKAKASABAY NA KILOS protesta ang isinagawa ng kababaihan sa ilalim ng Gabriela noong Marso 1 sa pagsisimula ng Buwan ng Kababaihan. Panawagan nila: Kabuhayan, Karapatan, Kasarinlan, hindi *chacha* ng dayuhan at iilan!

Sa araw na iyon, nagtungo ang mga myembro ng Gabriela Youth, kasama ang iba pang grupo ng kabataan, sa Mendiola sa Maynila para ipahayag ang kanilang pagtutol sa *chacha* ng rehimeng Marcos.

Nagkaroon ng katulad na pagkilos sa loob ng University of the Philippines-Los Baños na pinangunahan ng Gabriela Youth-UPLB. Ayon sa grupo, ang pagkilos ay pakikiisa sa itinakdang Purple Day of Action.

Kasabay nito, naglunsad ng sayaw-protesta ang kababaihang manggagawa sa ilalim ng Women Workers United at Kilusang Mayo Uno para sa sahod, trabaho, karapatan at pagwawakas sa karahasan sa paggawa. Noong Marso 5, naglunsad din ng protesta sa Maynila ang Gabriela-NCR.

# Laban ng kababaihang manggagawa sa Bataan

Sa loob ng Freeport Area of Bataan (FAB), ang pinakaunang *export processing zone* sa Pilipinas, nangahas lumaban ang kababaihang manggagawa sa FCF Manufacturing Corporation, isang kumpanyang eksklusibong gumagawa ng mga produkto para sa *global brand* na Coach at Kate Spade.

Bumoto silang ikasa ang welga matapos magmatigas ang kumpanya na hanggang ₱2 lamang ang igagawad nitong dagdag-sahod ngayong taon. Ito ay sa kabila ng pananakot ng maneydsment na ililipat sila ng trabaho, o di kaya'y direktang sisisantihin. Mahigit 1,000 ang sumang-ayong ikasa ang welga at 100 ang di-sumang-ayon sa pabrikang may 3,000 manggagawa (regular at kontraktwal).

Tumatanggap lamang ng ₱500 ang mga manggagawa ng FCF, na 44% sa ₱1,142 nakabubuhay na sahod sa Central Luzon. Liban dito, laganap din ang mga paglabag sa karapatan ng manggagawa katulad ng *forced leave*, iligal na tanggalan, at di makataong kundisyon sa paggawa.

Ang pagkasa ng welga ay pagbigo sa lantarang pananakot at panunupil ng kumpanya. Bago ang botohan, sikretong pinulong ng maneydsment ng FCF at kapatid nitong kumpanya na FPF ang mga manggagawa noong Pebrero 26 upang sindakin at ikampanya na huwag suportahan ang "strike vote." Binantaan nitong ililipat ang mga manggagawa na bawas ang benepisyo o sisintahin nang walang matatanggap na bayad sa serbisyo.

Ang FCF ay bahagi ng Fashion Focus Ltd, isang kumpanyang nakabase sa China. Ang mga yaring produkto ay bumebenta nang ₱2,000 hanggang ₱20,000 kada isa. Noong 2022, kumita ang kumpanya ng ₱2.8 bilyon kaya imposible na wala itong kakayahang magbigay ng taas-sahod, ayon sa mga manggagawa.

**"Maruruming" damit**

Ang industriya ng *garments* sa Pilipinas, kung saan kabilang ang FCF, ay bahagi ng bilyong dolyar na pandaigdigang industriya na nag-eempleyo ng 60-75 milyong manggagawa. Umaabot sa 3/4 sa mga ito ay kababaihan. Malaking bahagi ng pagmamanupaktura nito ay nasa atrasadong mga bansa sa Asia. Sa taong 2023, tinatayang nasa $1.74 trilyon ang kita nito.

Sa isang sarbey ng grupong Clean Clothes Campaign, 93% sa mga *global brand* o mga tatak na kilala sa buong mundo ang hindi nagbabayad ng nakabubuhay na sahod sa mga manggagawa ng industriya. Ayon sa pananaliksik ng Oxfam International, wala pang 1% sa presyo ng mga produkto ng mga *global brand* ang mababawas sa kanilang kita kung ipatutupad ng mga ito ang nakabubuhay na sahod.

Dagdag sa pambabarat ang sobra-sobrang pagpapatrabaho (abot sa 16 oras kada araw, pitong araw kada linggo); di ligtas na mga kundisyon sa paggawa (siksikan, walang bentilasyon, at sa kaso ng Bangladesh, bulok na mga gusali); karahasan at pang-aabuso; malawakang paglabag sa karapatan sa pag-uunyon at pakikipagtawaran; pwersahang pagpapatrabaho; pagpapatrabaho sa mga bata at diskriminasyon sa kababaihan.

Sa datos ng International Labor Organization, notoryus ang mga pagawaan ng damit sa karahasan at panggigipit base sa kasarian (*gender-based violence and harassment* o GBVH). Sa Asia, 22.8% ng mga kababaihang nagtatrabaho sa industriya ay nag-ulat na nakaranas ng minimum na isang tipo ng GBVH noong 2021.

**Pagdalo ni Marcos sa ASEAN sa Australia, pinutakti ng protesta.** Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng mga migranteng Pilipino at progresibong grupo sa Melbourne, Australia mula Marso 4 hanggang Marso 6, kaugnay ng inilunsad na ASEAN-Australia Special Summit at pagdalo dito ni Ferdinand Marcos Jr. Sa pamumuno ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Australia, hinalihaw ng mga protesta ang ASEAN Summit at ang mga aktibidad ni Marcos.

**Hustisya sa Bilar 5 at mga biktima ng pasistang AFP-PNP.** Nagtipun-tipon ang kabataan at mga progresibong organisasyon ng Central Visayas sa University of the Philippines (UP)-Cebu Ampitheater noong Marso 3 para bigyang pugay at parangalan ang Bilar 5, ang limang Pulang mandirigma na minasaker ng mga pwersa ng estado sa Bilar, Bohol. Samantala, naglunsad naman ng isang *candle light protest* ang mga kabataan ng UP Cebu noong Pebrero 29.

Noon namang Marso 5, nagprotesta ang mga grupo sa karapatang-tao sa Camp Aguinaldo sa Quezon City para kundenahin ang sunud-sunod na mga kaso ng pagdukot, pambobomba at sadyang pagpaslang sa mga aktibista, progresibo at rebolusyonaryo ng AFP-PNP.

**Philippine Mining Act, ibasura.** Naglunsad ng protesta ang Katribu, Kalikasan PNE at iba pang demokratikong grupo sa harap ng Department of Environment and Natural Resources noong Marso 4 para ipanawagan ang pagbabasura sa Philippine Mining Act ng 1995. Sa 29 taong pag-iral ng batas, naghatid ito ng walang kapantay na pinsala sa kalikasan at mga komunidad ng mga katutubo at magsasaka.

Mga paglabag sa internasyunal na makataong batas

# Masaker sa Bohol, mga pambobomba at pagdukot ng AFP-PNP

Dapat panagutin at papagbayarin ang mga kriminal sa digma na mga pasistang galamay ng Armed Forces of the Philippines (AFP), paramilitar at Philippine National Police (PNP), gayundin ang hepe nitong si Ferdinand Marcos Jr, sa patung-patong na mga kaso ng paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa sibilisadong pakikidigma sa nagdaang mga linggo.

**Hustisya sa Bilar 5.** Sadyang minasaker, at hindi sa engkwentro namatay ang limang Pulang mandirigma at kadre ng Partido sa Bilar, Bohol noong Pebrero 23. Nadakip nang buhay sina Domingo Compoc, Hannah Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura at Alberto Sancho sa bahay na kanilang tinigilan sa Sityo Matin-ao 2, Barangay Campagao. Dumanas ng matinding tortyur ang lima bago sila pinatay. Nakuhanan ng larawan si Compoc na hawak ng isang sundalo, patunay na siya'y buhay nang madakip. Ayon sa mga saksi, tinaga si Compoc sa leeg at tiyan. Si Compoc ay mahigit nang 60 ang edad at umiinda ng sakit na rayuma.

Si Cesista at ang tatlo pa ay pinagapang sa putik bago pagbabarilin. Si Cesista ay isang abugadang pumiling magsilbi sa uring inaapi. Sa kabila ng ebidensya at testimonya ng mga saksi, pinagpipilitan AFP at PNP na "nanlaban" ang lima habang "hinahainan" ng madamyento de aresto.

Bago nito, dinukot ng militar ang isang residente sa lugar na si "Berting" at kanyang dalawang menor-de-edad na anak, kabilang ang isang 4-taong gulang sa parehong barangay. Pinagsasampal siya para isiwalat ang kinaroroonan ng Bilar 5. Sapilitan silang isinakay sa puting *van*. Pinauwi sila paglipas ng isang araw.

Sa Negros Occidental, pinaslang ng 79th IB noong Pebrero 21 ang magsasakang si Jose Caramihan na noo'y nasa kanyang bukid sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City. Pinalabas ng militar na napatay siya sa isang "engkwentro."

Sa Misamis Oriental, nadakip, tinortyur at pinaslang ng 58th IB ang Pulang mandirigma ng BHB-North Central Mindanao Region (NCMR) na si Miguel Serino (Ka Bokir) noong Pebrero 10 sa hangganan ng barangay Calawag at Quezon sa Balingasag. Bakas sa kanyang bangkay ang dinanas na matinding tortyur.

**Pagdukot.** Pinalabas ng pulis at militar na "sumurender" noong Pebrero 23 ang dinukot na kapatid ng lider-magsasaka sa Sorsogon na si Jose Marie Estiller. Dinukot siya ng militar noong Pebrero 20 sa Sto. Tomas, Batangas. Pinararatangan siyang "2nd Most Wanted" sa Bicol at sinampahan ng patung-patong na mga kasong kriminal.

Samantala, iniulat ng Anakbayan-Southern Mindanao sa isang pahayag noong Pebrero 27 ang pagdukot at pagdesaparesido ng militar at pulis kay Nelson Bautista Jr, aktibistang manunulat na may mahabang rekord ng pagsisilbi sa mga komunidad ng Davao, at pag-aresto sa kasama niya noon na si Ademar Anciero Etol noong Enero 25 sa tinutuluyan nilang bahay sa Barangay Balingasan, Siay, Zamboanga Sibugay. Si Etol ay sinampahan ng mga kasong kriminal at kasalukuyang nakadetine sa Siay Municipal Police Station. Samantala, hindi inaamin ng pulis o militar na hawak nito si Bautista. Nananatili siyang nawawala hanggang sa kasalukuyan.

**Pambobomba.** Sunud-sunod ang kaso ng mga *aerial bombing* at panganganyon ng AFP sa Quezon, Negros Occidental, Iloilo at Bukidnon sa nagdaang mga linggo. Labis na takot at troma ang idinulot ng mga ito sa mga sibilyang komunidad. Lubhang apektado rin nito ang kabuhayan ng mga residente. Labag din sa prinsipyo ng "proportionality" ang paggamit ng AFP ng napakalalakas na bomba laban sa mga gerilyang kampo ng hukbong bayan.

Sa Negros Occidental, sunud-sunod ang walang pakundangang pamamaril, pang-iistraping at pambobomba na isinagawa ng militar sa hangganan ng Escalante City at Toboso noong Pebrero 21-22. Napwersang lumikas ang 1,000 residente dahil dito. Sinuspinde ang mga klase sa siyam na barangay sa Toboso at Escalante City.

Sa Iloilo, naghulog ng 500-librang mga bomba mula sa himpapawid ang AFP sa mga barangay ng Torocadan, Dongoc at Langca sa bayan ng San Joaquin noong Pebrero 28. Sinundan ito ng istraping at at panganganyon. Namartir sa naturang pambobomba ang tatlong Pulang mandirigma.

Sa Bukidnon, 13 ulit na kinanyon ng AFP nang walang klarong direksyon ang bulubunduking lugar sa hangganan ng mga bayan ng San Fernando, Quezon at Valencia City noong Pebrero 23. Bago nito, 13 ulit ring kinanyon ng AFP ang parehong lugar noong Pebrero 21. Karugtong ang panganganyon sa operasyong kombat na may kasabay na mga pambobomba mula pa Disyembre 2023.

Samantala, binomba at kinanyon naman ng 81st IB ang mga barangay sa hangganan ng Tagkawayan, Quezon at Del Gallego, Camarines Sur noong madaling araw ng Marso 4. Tumama malapit sa mga komunidad ang mga bomba at muntik pang matamaan ang tatlong magkokopra. AB

# SA MADALING SALITA

# 6.3%



**lamang ng kababaihang Pilpino, edad 15-49, ang may solo o may kahating pag-aaring lupa**

**29.5%** **lamang sa kanila ang may solo o may kahating sariling bahay.**

**Pinagkunan:** *Philippine Statistics Authority*

# 58

**napatay sa huwad na gera kontra droga ng rehimeng Marcos**


mula Enero 1 hanggang Pebrero 29.

# 112

**Palestinong nag-aabang ng ayudang harina mula sa UN ang namatay nang paulanan ng bala ng mga pwersang Israeli sa Northern Gaza noong Marso 1.**

**Lumagpas na sa 30,000 ang Palestinong pinatay sa henosidyo ng Israel mula Oktubre 7, 2023.**

# ₱41.2B



**ang halaga sa kabuhayan at kalikasan na napinsala ng** *oil spill* **o pagtagas ng langis ng MT Princess Empress sa Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 28, 2023.**

**Kinontrata ng isang subsidyaryo ng San Miguel Corporation ang barko para maghatid ng langis sa Petron.**

**Pinagkunan:** *Center for Energy, Ecology, and Development*

# ₱38/ARAW

**lamang ang dagdag-sahod para sa mga manggagawa na ibinigay sa Region XI (Davao).**

Itinaas nito ang minimum na sahod sa ₱443/araw lamang, gayong ₱1,163/araw na ang nakabubuhay na sahod sa rehiyon noong Enero.

# 10.6%

**lamang ng kabuuang gastos sa produksyon ng mga negosyo sa Pilipinas ang napupunta sa sahod.** Ibig sabihin, maliit lamang ang epekto ng dagdag sahod na hindi kailangang magtaas ng presyo o magtanggal ng mga mangggagawa.

# 104%

**ang pagsirit ng netong kita ng 1,000 pinakamalaking kumpanya sa Pilipinas sa pagitan ng 2020 at 2021.**

# Conwep, tagapagtanggol ng mga dayuhang kapitalista

Sa pagdinig sa Kongreso noong Pebrero 29, ipinananakot ng Confederation of Wearable Exporters of the Philippines (Conwep) ang malawakang tanggalan sa industriya ng damit kung igagawad ang kahit katiting na dagdag sahod sa mga manggagawa dito. Sa sulat nito sa rehimeng Marcos, nagbabala itong mawawalan ng trabaho ang hanggang 120,000 o 70%-80% sa saklaw nitong 160,000 manggagawa kung ipapasa sa Senado at Kongreso ang anumang pagtaas. Dagdag sila sa 21,912 mangggagawang nakatakda nang tanggalin ngayong taon dahil sa "mas mahinang internasyunal na demand."

Ang Conwep ay asosasyon ng malalaking kapitalista na nag-eespesyalisa sa pagmamanupaktura ng mga damit para sa pinakamalalaking "global brand" (mga kilalang tatak sa buong mundo). Kabilang sa mga ito ang Ralph Lauren, Coach, Michael Kors, Adidas, Dillard's, Marks & Spencer at Ann Taylor. Inieeksport nito ang mga gawang damit pangunahin sa US, kasunod sa mga bansa sa European Union, United Kingdom at Japan. Dominado ang asosasyon ng mga dayuhang kumpanya, kung saan ang pinakamaliit ay may 1,000 manggagawa. Dalawa sa pinakamalalaking kumpanya dito ay nagpapatakbo ng 6-7 pabrika at nag-eempleyo ng 22,000-24,000 manggagawa. Ang mga kumpanyang ito ay may mga operasyon din sa ibang bahagi ng Asia (Cambodia, Thailand at Vietnam). Bago magpandemya, nag-empleyo ito ng hanggang 220,000 manggagawa.

Mayorya sa mga manggagawa sa industriya ay kababaihan, relatibong nasa kabataang edad, at kontraktwal. Sa pangkalahatan, mas mababa nang 17%-25% ang ipinangsasahod sa kanila kumpara sa kalalakihan.

**Papaliit na industriya, papatinding pagsasamantala**

Mula dekada 1990, papaliit na ang naging bahagi ng industriya ng damit sa Pilipinas sa internasyunal na kalakalan ng mga kasuotan. Noong 2020, mayroon na lamang 200 pabrika na nagmamanupaktura ng damit sa bansa, 240 *trader* at higit 1,000 subkontraktor. Nag-eempleyo ito ng higit 490,000 manggagawa sa iba't ibang kapasidad, at mayorya o 69.4% sa mga ito ay kababaihan.

Noong 2020, ginamit ng Conwep ang pandemyang Covid-19 para ipatupad ang malawakang tanggalan, pagbabawas ng sahod at ibayo pang pleksibilidad sa paggawa. Inilagay nito sa "floating status" ang libu-libong manggagawa habang direktang sinisante ang iba pa. Pinakamalala ang tanggalan sa mga pabrika sa ilalim ng kumpanyang Taiwanese na Sports City International, ang pinakamalaking *employer* sa Mactan Export Processing Zone. Sa mga taong 2020-2023, di bababa sa 12,000 manggagawa ang nawalan ng trabaho nang ilipat nito ang mga operasyon ng kumpanya sa mga pabrika nito sa Vietnam. Pinalabas ng Conwep na "pagsalba sa mga trabaho" ang mga tanggalan. Sa aktwal, isinagawa ang mga *retrenchment* para panatilihin ang antas ng tubo ng kumpanya sa kapinsalaan ng mga manggagawang Pilipino.

Tulad ng iba pang kumpanyang nasa loob ng mga engklabo, tinatamasa ng dayuhang mga kapitalista ng Conwep ang walang kapantay na mga pribiliheyo at insentiba. Kabilang sa mga ito ang mga *tax holiday*, "duty-free" o walang buwis na pagpasok ng kinakailangang materyal, paggamit sa abanteng mga imprastruktura na itinayo gamit ang pampublikong pondo, "pleksibleng" paggawa, at mga subsidyo para sa mga yutilidad (tubig at kuryente) at upa. Tinatamasa rin nila ang dagdag na pagbabawas ng babayarang buwis sa ilalim ng batas ng CREATE. Hindi hayagan, pero sa aktwal ay ipinatutupad sa mga loob ng mga engklabo ang patakarang "no union, no strike."

Pinahihintulutan ang mga dayuhang ito na ilabas ng bansa ang buo nilang kita nang walang pananagutan sa Pilipinas. Tulad sa nangyayari na, arbitraryong isinasara ang mga pabrika nito sa Pilipinas nang walang habol ang mga manggagawa.

Noong 2023, nagtala ang Conwep ng mahigit $1 bilyong halaga ng eksport. Para sa 2024, tinataya ng Foreign Buyers Association of the Philippines na bahagyang lalago ito nang 2% o tungong $1.33 bilyon dahil sa pagpasok ng mga bagong order. AB



# Pagpupursige sa harap ng pagsikil sa karapatang mag-unyon sa Cebu

Sadyang sinasagkaan ng malalaki at dayuhang kapitalista ang karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon at pakikipagtawaran para panatilihing mura at kimi ang lakas-paggawa sa Pilipinas. Taliwas ito sa bukambibig ng mga upisyal ng reaksyunaryong estado, sa isinasaad ng sariling batas at sa mga internasyunal na kasunduan na pakitang-taong pinirmahan nito. Pahirapan ang pagbubuo pa lamang ng unyon at paggigiit na kilalanin ang mga ito bilang eksklusibong kinatawan ng mga mangggawa sa pakikipagtawaran.

Ito ang karanasan nina Bokya at Bayong, parehong 39 taong gulang at mga kontraktwal kahit 13-14 taon nang nagtatrabaho sa isang pabrika sa Cebu.

Kagyat na mga dahilan ang kumumbinse sa kanila na sumapi sa unyon. "Nilapitan ako na may itatayo daw na unyon para sa katiyakan sa trabaho na para hindi lang basta-bastang matatanggal," ayon kay Bokya. "Sa panahong iyon, mainit ang usap-usapang hanggang sa taon na yun na lang ang (*labor*) *agency* namin. Ito ang isyung unang nakapagtipon sa amin," kwento naman ni Bayong.


Taong 2018 pa sinimulang itayo ang unyon sa kanilang pabrika, pero hanggang ngayon ay hindi ito kinikilala ng kapitalista bilang Sole and Exclusive Bargaining Agent (SEBA) o tanging kinatawan ng mga manggagawa sa pakikipagtawaran. Para pigilan ang pagbubuo ng unyon, inilagay ng maneydsment ang mga nagmyembro sa "floating status" o pagtanggal sa regular na rotasyon sa trabaho. Apat na beses nagsisante ang kapitalista para sipain ang mga naorganisa na.

Lumaban ang mga manggagawa. Naglunsad sila ng sama-samang mga pagkilos at iginiit na buksan ang pabrika sa inspeksyon ng Department of Labor and Employment para mapatunayan na nagpapatupad ng iskemang *labor-only contracting* (LOC) ang kapitalista. Iginiit din nilang ibalik sa regular na rotasyon ang mga manggagawang inilagay sa *floating status*.

"Nag-*armband protest* kami, nagpadala ng sulat para makipagdayalogo pero walang sagot," kwento ni Bokya.

Sa halip, pinaigting ng kapitalista, kasabwat ang estado, ang panggigipit sa mga manggagawa. Pinapasok nito ang NTF-Elcac sa pabrika para magsagawa ng porum kung saan harap-harapang ni-*redtag* ang unyon. Pinagbantaan ang mga lider ng unyon at tinakot na idadamay ang kanilang mga pamilya. Ipinaupo pa sa mga pulong ng maneydsment ang mga ahente ng pasistang ahensya.

Ligalig sa hanay ng mga manggagawa ang idinulot ng pagkubabaw ng NTF-Elcac sa pabrika. "Para pangibabawan ang hamong ito, kaming mga aktibo sa unyon ay nagbahay-bahay sa mga kasaping manggagawa, tinipon sila at pinagsikapang maibalik ang sigla ng (mga pulong) at pag-aaral namin."




Itinuloy nila ang laban para kilalanin ang unyon bilang SEBA at iginiit ang kagyat na mga kahilingan ng mga manggagawa tulad ng dagdag-sahod. Nagsampa sila ng mga petisyon sa ahensya ng paggawa para kilalanin ang mga kontraktwal bilang regular. Sa labas ng pabrika, umagapay sila sa mga manggagawang nawalan ng regular na kita at sa mga panahon ng kagipitan.

"Nagkaroon ng tulungan sa panahon ng talamak na paglalagay sa amin sa "floating status," at noong pagsalanta ng bagyong Odette," kwento ni Bokya.


"Noong *pandemic*, nagkaroon din ng pagtutulungan para maigiit ang pagbibigay ng ayuda ng mga ahensya ng gubyerno," ayon naman kay Bayong.

Sa proseso ng pagtatayo ng unyon, namulat sina Bokya at Bayong sa mga usapin sa mas malawak na lipunan, laluna sa laganap na paglabag ng estado sa mga karapatang-tao. "Sumasama na kami sa mga protesta tungkol sa mga pagpatay at harasment ng gubyerno, sa mga rali laban sa pagyapak sa ating mga karapatan," ayon kay Bokya. Sumama rin siya sa mga *relief drive* para sa mga nasalanta o nasunugan na mga komunidad ng mga manggagawa.

Sa personal na buhay, natuto sila ng disiplina, tapang at militansya. "Nabago ang buhay ko kasi marami akong natutunan kung ano talaga ang totoong unyon, paano totoong lalaban at hindi magpapakatuta sa kapitalista," ayon kay Bokya. "Mas nalaman ko ang mga prinsipyo, at hindi na natatakot sa maneydsment," ayon naman kay Bayong.

"Paglimita sa pag-inom," pahabol ni Bokya. "Hindi na masyadong nahihiyang magsalita at makigpag-usap para magpaintindi sa iba tungkol sa mga karapatan natin." AB

# Pinsala ng *offshore* at *black sand mining*, iniinda ng mamamayan sa Cagayan



Sa simula pa lamang ng dayuhang operasyong *offshore mining* (pagmimina sa karagatan) sa mga baybayin ng Cagayan noong 2021, malaki na ang pinsalang idinulot nito sa kabuhayan ng mga mangingisda sa Cagayan Valley.

Tinaguriang kauna-unahan at pinakamalaki sa bansa, ang *offshore mining* sa Cagayan ay sumaklaw sa 56,013 ektarya ng baybay at karagatan sa 10 bayan sa rehiyon (Sanchez Mira, Claveria, Pamplona, Abulug, Ballesteros, Aparri, Buguey, Sta. Teresita, Gonzaga at Sta. Ana). Naghahakot dito ng buhangin na pinagkukunan ng mineral na *magnetite*, na isandaang porsyentong iniluluwas sa China. Susing sangkap ang *magnetite* sa paggawa ng bakal.

Hawak ang operasyon ng kumpanyang Chinese na Apollo Global Capital Inc. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, binigyan ito ng lisensya ng Mining and Geosciences Bureau na magmina sa loob ng 25 taon. Ibinigay ang permit sa AGCI sa kabila ng malawak at mariing pagtutol ng lokal na mga upisyal, mga grupong maka-kalikasan at mga residente sa proyekto. Hindi nito inalintana ang masasaklaw at di na maipanunumbalik (*irreparable*) na pinsala ng pagmiminang *offshore* sa ekosistema hindi lamang sa sasaklawin ng operasyon, kundi sa mas malawak pang karagatan.

Kabilang sa masisira nito ang 50 ektaryang bahura at gubat ng mga *seagrass* ng mga protektadong isla at karagatan, tulad ng Palaui Island Protected Landscape and Seascape at Babuyan Marine Corridor. Ang mga lugar na ito ay tahanan ng mga dugong, balyena at marami pang hayop na nanganganib nang mawala.

Ipinagpilitan ng kumpanya na walang mapipinsala sa kalikasan sa kanilang mga operasyon, kahit pa imposible ito alinsunod na rin sa mga pananaliksik at pag-aaral. Distorbo sa karagatan at lahat ng buhay marino ang pagbubutas (*drilling*) pa lamang nito sa *seabed* para suyupin ang *magnetite sand* sa ilalim. Malaking sagabal din ang pagtatapon nito pabalik sa dagat ng mga bato at buhangin matapos ihiwalay ang mineral. Panganib din ang dala ng mga barko nito sa mga komunidad sa baybay ng Gonzaga. Noong 2023, napigtas ang mga angkla ng barkong pang-*dredging* dulot ng malalakas na hangin ng Bagyong Egay. Tumilapon at sumadsad sa baybay ang isa sa mga pansuporta nitong *tugboat*.

Nang magsimula ang operasyon, pinagbawalan na ang mga mangingisda ng Gonzaga na pumalaot sa saklaw ng mina. Dahil sa mga iniwang epekto ng nauna nang mga operasyon ng *black sand mining* na isinagawa sa baybay ng bayan, napilitan silang lumayo dahil wala nang mahuli sa malapit sa baybay.

Dahil dito, apektado ang buong seguridad sa pagkain ng rehiyon. Sinaklaw ng pagmimina ang *municipal waters* (15 kilometro ng karagatan mula sa baybay) na pinagkukunan ng 60.2% ng suplay na isda ng Cagayan Valley.

**Pagmimina sa tabing ng *dredging***

Dagdag na ininda ng mga Cagayanon ang naging epekto ng *black sand mining* ng Riverfront Construction Inc. sa Cagayan River na isinasagawa sa tabing ng "dredging" sa ilalim ng Cagayan River Restoration Program.

Sa bayan ng Aparri, sumadsad ang kabuhayan ng 11,000 mamalakaya dulot ng walang tigil na operasyon ng mga barkong pang-*dredging* at malalaking barkong nagdadala ng bato at buhangin tungong China. Anila, ang mga aktibidad ng mga barkong ito ay lumilikha ng ingay at labis na liwanag, at nagtatapon ng mga kemikal na gumagambala sa ekosistema na sanhi ng pagbagsak ng bilang ng mga isda at aramang (maliliit na hipon) na pangunahing pinagkukunan ng kanilang kabuhayan. Naghuhukay ang kumpanya sa mga lugar kung saan sila nangingisda, malayo sa nakatakdang erya para sa *dredging*.

Lubhang bumagsak ang kita ng mga mangingisda mula nang magsimula ang proyektong "dredging." Mula sa 200 *container* na huling aramang sa limang araw na pagpalaot, maswerte na kung nakapupuno ang mga mangingisda ng 50 *container*. Gayundin, ang dating 200 kilong isda na huli ng isang bangka sa isang magdamagang palaot ay naging tatlong kilo na lamang. Noong 2021, bumagsak ang kanilang kita tungong ₱300 hanggang ₱1,000 pesos para sa tatlong araw na pagpapalaot, malayo sa dating kita na ₱3,000 hanggang ₱7,000.

Apektado maging ang kabuhayan ng mga manininda. Bago magsimula ang proyekto, umaabot pa sa ₱8,000 ang kita ng mga nagbibilad at nagbebenta ng aramang at iba pang huling isda. Mula 2021, wala nang ₱700 ang kanilang kita sa 5-araw na pagtitinda. AB